

Dahil sa iyong mga kamay nakasalalay ang kapakanan ng iyong

Kasambahay...

Mag **3 in 1** na!

Registration sa **Pag-IBIG**, **PhilHealth**
at **SSS**, sa **iisang registration form**
na lang!



GABAY

SA PAGSAKOP SA KASAMBAHAY

Noong Ika-1 ng Setyembre 1993, sa ilalim ng Republic Act No. 7655, sinimulang ipatupad ang sapilitang pagsaklaw ng SSS sa mga kasambahay. Kasama ring tinutukoy sa ilalim ng Section 9 “Coverage” ng Republic Act 8282 o ang Social Security Act of 1997 ang sapilitang pagsaklaw sa mga kasambahay.

Lalo pang pinagtibay ang misyon ng SSS na makapagbigay ng social protection sa mga kasambahay nang lagdaan ni Pangulong Benigno Aquino III noong ika-18 ng Enero 2013, ang Republic Act No. 10361, “An Act Instituting Policies for the Protection and Welfare of Domestic Workers”, o ang mas kilalang “Batas Kasambahay.”

Malawak na ang nagawa ng SSS upang maisakatuparan ang misyon para sa Kasambahay at ang bagong “Batas Kasambahay” ay mas lalo pang magpapatibay upang mahigpit na maipatupad ang batas para sa kapakanan ng lahat ng kasambahay.

Nakasaad sa Implementing Rules and Regulations (IRR) ng “Batas Kasambahay” ang pagpapatupad din ng unified system of registration at enrolment para gawing mas magaan ang pagrerehistro sa Pag-IBIG Fund, PhilHealth at SSS ng kasambahay at household employers kung saan ang kasambahay ay sakop ng tatlong ahensiyang ito ng gobyerno.

SINO ANG TINATAWAG NA KASAMBAHAY?

Ang Kasambahay ay ang sinumang gumagawa ng trabahong pantahanan at tumatanggap ng sahod para sa naturang mga serbisyo.

SINO ANG TINATAWAG NA HOUSEHOLD EMPLOYER?

Ang Household Employer ay ang sinumang gumagamit ng serbisyo ng isang Kasambahay. Bilang patakaran, ang asawang lalaki o ang kanyang asawang babae, o sinumang nagbabayad ng sahod para sa naturang mga serbisyo, ang siyang itinuturing na Employer.

ANO ANG TINATAWAG NA DOMESTIC O HOUSEHOLD SERVICES?

Ang domestic o household services ay mga natatanging gawain sa bahay ng Household Employer na dapat gawin ng Kasambahay kasama

ang iba pang gawaing maaaring iutos ng Household Employer para maging maayos ang tahanan at maging magaan ang pamumuhay ng miyembro ng kanyang pamilya kagaya ng mga serbisyo ng babysitter/nursemaid o yaya, gardener, cook, laundry woman at mga kahalintulad nito.

ANO ANG TINUTUKOY NA HOUSEHOLD?

Ang Household ay ang mga pangunahing miyembro ng pamilya ng Household Employer, kabilang ang mga naninirahan sa tahanan na direktang binibigyan ng serbisyo ng Househelper o Kasambahay.

ANO ANG TINATAWAG NA KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION SYSTEM (“KASAMBAHAY URS”)?

Ang KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION SYSTEM (“Kasambahay URS”) ay isang programa na nakasaad sa Implementing Rules and Regulations (IRR) ng “Batas Kasambahay” kung saan ang SSS, Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) at Home Development Mutual Fund (Pag-IBIG Fund) ay inatayang magpatupad ng isang sistema para sa pag-rehistro ng mga Household Employers at mga Kasambahay kung saan sila ay hindi na kailangan pang magtungo sa lahat ng tatlong ahensiyang ito upang mag-rehistro at makakuha ng kanilang Membership Numbers.

ANO ANG DAPAT GAWIN NG HOUSEHOLD EMPLOYERS AT MGA KASAMBAHAY?

Ang Household Employers at mga Kasambahay ay mamimili na lamang kung saang Branch o Service Office ng alinman sa tatlong ahensiyang ito ang gusto nilang puntahan at minsan nang maibibigay sa kanila ang kanilang mga Membership Numbers para sa tatlong ahensiyang nabanggit. Ito ay tinatawag ding “One-Stop-Shop” o “3 in 1” na sistema para sa pag-rehistro ng mga Household Employers at mga Kasambahay upang sila ay masakop ng SSS, PhilHealth at Pag-IBIG Fund.

SINO ANG DAPAT MAG-REHISTRO SA ILALIM NG “KASAMBAHAY URS”?

Sa ilalim ng “Kasambahay URS” na ipinatutupad na ng SSS, PhilHealth at Pag-IBIG Fund simula noong Disyembre 4, 2013, ang pagrerehistro sa mga nasabing ahensiya ng pamahalaan ay kailangang gawin ng mga Household Employers at mga Kasambahay sa pamamagitan ng paggamit ng “Unified Forms.” Isang Form na lang ang gagamitin para sa tatlong ahensiyang nabanggit para sa isang transaksyon.

SAAN MAAARING KUMUHA NG “UNIFIED FORMS”?

Ang “Unified Forms” ay maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng Pag-IBIG Fund, PhilHealth at SSS, o maaaring i-download sa mga website ng naturang mga ahensiya: www.pagibig.gov.ph (para sa Pag-IBIG Fund), www.philhealth.gov.ph (para sa PhilHealth) at www.sss.gov.ph (para sa SSS). Ang “Unified Forms” ay ang mga sumusunod:

1. “KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION FORM” (PPS-KUR FORM)

2. “HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM” (PPS-HEUR1 FORM)

3. “HOUSEHOLD EMPLOYMENT UNIFIED REPORT FORM” (PPS-HEUR2 FORM)

SINO SA MGA KASAMBAHAY ANG SAKLAW NG PROGRAMANG ITO NG SSS?

Lahat ng mga Kasambahay na hindi pa hihigit sa 60 taong gulang, para sa inisyal na coverage, at tumatanggap ng buwanang sahod na hindi bababa sa Php1,000, ay sapilitang saklaw ng SSS simula pa noong Setyembre 1, 1993 nang ipatupad ang R.A. 7655.

Sa paglagda ng R.A. 10361 o ang “Batas Kasambahay,” tumaas ang minimum wage na ipatutupad para sa Kasambahay ayon sa lugar na kanyang pinagtatrabahuhan:

Php2,500.00 kada buwan	-kung siya ay employed sa National Capital Region (NCR)
Php2,000.00 kada buwan	-kung employed sa chartered cities at first class municipalities
Php1,500.00 kada buwan	-kung employed sa ibang municipalities.

KAILAN MAGIGING EPEKTIBO ANG PAGSAKLAW SA MGA KASAMBAHAY?

Ang sapilitang pagsaklaw ng SSS sa mga Kasambahay ay nag-uumpisa sa unang araw ng kanyang pagtatrabaho. Ito ay ipinaiiral simula pa noong 1993 nang ipinatupad ng SSS ang sapilitang pagsaklaw sa mga Kasambahay.

PAANO MAKAKAPAG-REHISTRO ANG ISANG KASAMBAHAY SA PAMAMAGITAN NG “KASAMBAHAY URS”?

Dapat punan ng Kasambahay ang isang (1) kopya ng KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-KUR FORM) na maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng Pag-IBIG Fund, PhilHealth at SSS. Maaari ring i-download ang Form na ito sa mga website ng naturang mga ahensiya: www.pagibig.gov.ph (para sa Pag-IBIG Fund), www.philhealth.gov.ph (para sa PhilHealth) at www.sss.gov.ph (para sa SSS).

SAAN DAPAT ISUMITE ANG KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-KUR FORM)?

Ang Form na ito ay dapat isumite ng Kasambahay sa alinmang Branch o Service Office ng alinman sa tatlong ahensiya kung saan siya ay mabibigyan ng kanyang tatlong Membership Numbers: Pag-IBIG MID Number/RTN para sa Pag-IBIG Fund, PhilHealth Identification Number (PIN) para sa PhilHealth, at SOCIAL SECURITY (SS) Number para sa SSS.

SAPAT NA BANG ISANG AHENSIYA LAMANG ANG PUNTAHAN NG KASAMBAHAY?

Oo. Isa lamang sa mga ahensiyang nabanggit ang kailangang puntahan ng Kasambahay kung saan minsanan nang maibibigay sa kanya ang kanyang Membership Numbers para sa tatlong ahensiya.

ANU-ANO ANG MGA DOKUMENTONG DAPAT ISUMITE KASAMA NG PPS-KUR FORM?

Para sa SSS, kailangang isumite kasama ng PPS-KUR FORM ang orihinal/ certified true copy at photocopy ng alinman sa mga sumusunod na primary documents: birth certificate, baptismal certificate, driver's license, passport, Professional Regulation Commission (PRC) Card o Seaman's Book para matiyak ang tamang pangalan at petsa ng kapanganakan ng Kasambahay.

KUNG WALANG PRIMARY DOCUMENTS ANG ISANG KASAMBAHAY, ANO ANG IBA PANG DOKUMENTO NA MAAARI NIYANG ISUMITE?

Kung wala ang mga nabanggit na primary documents, maaaring magsumite ng dalawa (2) sa alinman sa mga sumusunod, na kung saan parehong nagtataglay ng pangalan, at ang isa ay may petsa ng kapanganakan ng Kasambahay:

1. Birth/Baptismal Certificate ng anak ng Kasambahay
2. ATM card na mayroong cardholder's name
3. ATM card at Sertipikasyon mula sa bangko na ang account number ay sa pag-aari ng cardholder, kung wala sa card ang pangalan ng cardholder
4. Bank Account Passbook
5. ID card mula sa Local Government Units (hal. Barangay/Municipality/ City)
6. Marriage Contract
7. NBI Clearance
8. Police Clearance
9. Postal ID card
10. School ID
11. Senior Citizen Card
12. Tax Identification Number (TIN) Card
13. Voter's Identification Card/Affidavit
14. Company ID
15. Sertipikasyon mula sa Office of the Southern/Northern Cultural Communities o Office of Muslim affairs
16. Fisherman's Card mula sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
17. Health o Medical Card
18. Temporary License o Student Permit mula sa Land Transportation Office
19. Transcript of School Records



Tandaan: Ang mga orihinal o certified true copies ng mga nabanggit na dokumento ay kailangang ipakita bilang pagpapatotoo rito.



KUNG WALANG MAISUMITENG ANUMANG SUPPORTING DOCUMENT/S ANG ISANG KASAMBAHAY SA SANDALING SIYA AY MAG-REHISTRO, MAAARI BA SIYANG MABIGYAN NG KANYANG MEMBERSHIP NUMBERS?

Oo. Siya ay mabibigyan pa rin ng SS Number subalit mamarkahan ang SS Number na iyon sa computer records ng SSS ng "No Document Submitted". Ito ay nangangahulugan na ang Membership Status ng naturang kasambahay ay "Temporary" at magiging "Permanent" lamang sa sandaling siya ay makapag-sumite na ng kaukulang dokumento.



ANO ANG IBIG SABIHIN KAPAG ANG SS NUMBER AY MAY MARKANG "TEMPORARY MEMBERSHIP STATUS"?

Ang SS Number na may markang "Temporary Membership Status" ay maaari lamang magamit upang ang naturang Kasambahay ay mai-report sa SSS ng kanyang Household Employer bilang kanyang empleyado at sa pagbabayad ng Household Employer ng kanyang buwanang kontribusyon sa SSS. Ang pagkakaroon ng Permanent Membership Status ay kinakailangan upang ang Kasambahay ay mapagkalooban ng kanyang Unified Multi-Purpose Identification (UMID) Card o ng mga benepisyo at pribilehiyo bilang miyembro ng SSS, kung kuwalipikado na siya sa mga ito.



PAANO MAKAKAPAG-REHISTRO ANG ISANG HOUSEHOLD EMPLOYER SA PAMAMAGITAN NG "KASAMBAHAY URS"?

Upang makapag-rehistro bilang isang Household Employer, punan ang isang (1) kopya lamang ng HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-HEUR1 FORM) na maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng Pag-IBIG Fund, PhilHealth at SSS. Maaari ring i-download ang Form na ito sa mga website ng naturang mga ahensiya: www.pagibig.gov.ph (para sa Pag-IBIG Fund), www.philhealth.gov.ph (para sa PhilHealth) at www.sss.gov.ph (para sa SSS).



SAAN MAAARING ISUMITE ANG HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-HEUR1 FORM)?

Maaaring isumite ng Household Employer ang Form na ito sa alinmang Branch o Service Office ng alinman sa tatlong ahensiyang ito, na kung saan siya ay mabibigyan ng kanyang tatlong Employer Numbers: Pag-IBIG

Household Employer Number/Registration Tracking Number (RTN) para sa Pag-IBIG Fund, PhilHealth Employer Number (PEN) para sa PhilHealth, at SSS Household Employer ID Number para sa SSS.

SAPAT NA BANG ISANG AHENSIYA LAMANG ANG PUNTAHAN NG HOUSEHOLD EMPLOYER?

Oo. Isa (1) lamang sa mga ahensiyang ito ang kailangang puntahan ng Household Employer, subalit minsan nang maibibigay sa kanya ang kanyang mga Membership Numbers para sa tatlong ahensiyang nabanggit.

ANU-ANONG SUPPORTING DOCUMENTS ANG DAPAT ILAKIP NG HOUSEHOLD EMPLOYER SA PPS-HEUR1 FORM?

Kung ang Household Employer mismo ang magtutungo sa alinmang Branch o Service Office ng alinman sa mga nasabing ahensiya upang isumite ang PPS-HEUR1 FORM, walang supporting document na kailangang ilakip dito.

Subalit kung ang Household Employer ay magpapa-rehistro sa pamamagitan ng isang Authorized Representative, kailangang ilakip ng nasabing Authorized Representative sa PPS-HEUR1 Form ang orihinal na kopya ng Letter of Authorization na parehong pirmado ng Household Employer at ng nasabing Authorized Representative. Kailangan ding iprisinta ng nasabing Authorized Representative ang kanyang orihinal na valid ID at orihinal na valid ID ng Household Employer, upang ma-verify ang kanilang pirma sa Letter of Authorization.

PAANO IRE-REPORT NG ISANG HOUSEHOLD EMPLOYER ANG KANYANG KASAMBAHAY BILANG KANYANG EMPLEADO?

Sa kasalukuyan, ang pagre-report sa isang Kasambahay bilang empleyado ng isang Household Employer ay kailangan munang gawin sa bawat ahensiya (SSS, PhilHealth at Pag-IBIG FUND), sapagkat ang unified system para dito ay hindi pa naisasakatuparan.

Para sa SSS, pupunan at isumite ng Household Employer sa alinmang Branch o Service Office ng SSS ang tig-dalawang kopya ng EMPLOYMENT REPORT (SSS FORM R-1A) at SPECIMEN SIGNATURE CARD (SSS FORM L-501). Ang mga nasabing SSS Forms ay maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng SSS, o maaari ring i-download sa website ng SSS na www.sss.gov.ph.

ANU-ANONG SUPPORTING DOCUMENTS ANG DAPAT ILAKIP SA SSS FORM R-1A AT SSS FORM L-501?

Kung ang Household Employer mismo ang magtutungo sa alinmang Branch o Service Office ng SSS upang isumite ang EMPLOYMENT REPORT (SSS FORM R-1A) at SPECIMEN SIGNATURE CARD (SSS FORM L-501), walang supporting document na kailangan ilakip sa mga SSS Forms na ito.

Subalit kung ang mga SSS Forms na ito ay isusumite sa SSS sa pamamagitan ng isang Authorized Representative, kailangan ilakip ng nasabing Authorized Representative sa mga SSS Forms na ito ang orihinal na kopya ng Letter of Authorization na parehong pirmado ng Household Employer at ng nasabing Authorized Representative. Kailangan ding iprisinta ng nasabing Authorized Representative ang kanyang orihinal na valid ID at orihinal na valid ID ng Household Employer, upang ma-verify ang kanilang pirma sa Letter of Authorization.

MAAARI BANG SABAY-SABAY NA ISUMITE NG HOUSEHOLD EMPLOYER ANG SSS FORM R-1A, L-501 AT PPS-HEUR1 SA SSS?

Oo. Maaaring isumite ng isang Household Employer ang EMPLOYMENT REPORT (SSS FORM R-1A) at SPECIMEN SIGNATURE CARD (SSS FORM L-501) na kasabay na ng HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-HEUR1), kung siya ay magre-rehistro bilang isang Household Employer sa alinmang Branch o Service Office ng SSS.

Subalit kung ang kanyang pagre-rehistro bilang isang Household Employer (sa ilalim ng "Kasambahay URS") ay sa alinmang Branch o Service Office ng PhilHealth o Pag-IBIG, kailangan pa rin niyang magtungo sa alinmang Branch o Service Office ng SSS upang isumite ang EMPLOYMENT REPORT (SSS FORM R-1A) at SPECIMEN SIGNATURE CARD (SSS FORM L-501) na kung saan ang isasaad niyang "EMPLOYER NUMBER" sa mga SSS Forms na ito ay ang SSS Household Employer ID Number na na-isyu sa kanya sa pamamagitan ng "Kasambahay URS" at nakasaad sa kanyang kopya ng HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-HEUR1 FORM).

ANO ANG BATAYAN NG HALAGA NG BUWANANG KONTRIBUSYON NG ISANG KASAMBAHAY NA SAKLAW NG SSS?

Sa ilalim ng Batas ng SSS na ipinairal simula noong Setyembre 1, 1993, ang buwanang sahod, na hindi dapat bababa sa Php1,000, ang magiging batayan ng monthly salary credit (MSC) at ng kaukulang kontribusyon na babayaran ng Kasambahay at ng kanyang Household Employer sa SSS.

Ang kontribusyon ay dapat naaayon sa Talaan ng Buwanang Kontribusyon na ginagamit para sa mga member-employees na palagi ang nagbabayad sa SSS.

ANO ANG BATAYAN NG HALAGA NG BUWANANG KONTRIBUSYON NG ISANG KASAMBAHAY SA ILALIM NG BAGONG “BATAS KASAMBAHAY”?

Sa bagong “Batas Kasambahay,” dapat naaayon sa minimum wage ang pagbabayad ng kontribusyon sa SSS ayon sa sumusunod:

Php2,500.00 kada buwan	-kung siya ay employed sa National Capital Region (NCR)
Php2,000.00 kada buwan	-kung employed sa chartered cities at first class municipalities
Php1,500.00 kada buwan	-kung employed sa ibang municipalities.

MAGKANO ANG KONTRIBUSYONG DAPAT BAYARAN NG HOUSEHOLD EMPLOYER AT NG KASAMBAHAY SA ILALIM NG BAGONG “BATAS KASAMBAHAY”?

Ayon sa Batas na ito, kung ang Kasambahay ay kumikita sa isang buwan ng mas mababa sa Php5,000.00, sasagutin ng kanyang Household Employer ang kabuuang kontribusyon sa SSS.

Kung ang Kasambahay ay kumikita ng Php5,000.00 o higit pa kada buwan, ibabawas sa kanyang sahod ang kaukulang bahagi niya sa kontribusyon sa SSS. Ito ay buwanan ding ibabayad sa SSS ng kanyang Household Employer kasabay ng kanyang kaukulang bahagi sa kontribusyon.

ILANG PORSYENTO NG SAHOD ANG DAPAT IHULOG BILANG KONTRIBUSYON SA SSS?

Simula sa buwan ng Enero 2014, ang bahagi ng isang Kasambahay sa kontribusyon sa SSS ay katumbas ng 3.63% ng kanyang Monthly Salary Credit, samantalang ang kaukulang bahagi ng kanyang Household Employer ay 7.37%, para sa kabuuang 11%.

PAANO AT KAILAN DAPAT BAYARAN ANG BUWANANG KONTRIBUSYON SA SSS NG KASAMBAHAY?

Ang kabuuang kontribusyon ay buwanang ibabayad sa SSS ng Household Employer, sa pamamagitan ng pagpuno ng tatlong (3) kopya ng EMPLOYER CONTRIBUTIONS PAYMENT RETURN (SSS FORM R-5), na maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng SSS, o maaari ring i-download sa website ng SSS sa www.sss.gov.ph. Ang deadline sa pagbabayad ng kontribusyon ay ayon sa mga sumusunod:

Kung ang 10th digit ng Household Employer ID Number ay nagtatapos sa	Deadline ng pagbabayad (pagkatapos ng applicable month)
1 o 2	10th araw ng buwan
3 o 4	15th araw ng buwan
5 o 6	20th araw ng buwan
7 o 8	25th araw ng buwan
9 o 0	Huling araw ng buwan

Halimbawa, kung ang SSS Household Employer ID Number ay 03-1234567-8-000, ang deadline sa pagbabayad ng kontribusyon at pautang para sa buwan ng Pebrero ay sa ika-25 ng Marso.

Kung ang deadline sa pagbabayad ay natapat sa Sabado, Linggo o Holiday, ang pagbabayad ay maaaring gawin sa susunod na araw na may pasok. Kung hindi maihuhulog sa nakatakdang petsa, papatawan ng kaukulang multa ang kontribusyon at pautang na hindi nabayaran ng Household Employer sa takdang araw. Ang pagbabago sa deadline ng pagbabayad ay alinsunod sa Social Security Commission Resolution No. 345-s.2011 na may petsang Marso 16, 2011.

SAAN MAAARING MAGBAYAD?

Maaaring magbayad ang Household Employer sa alinmang Branch ng SSS na may Teller Services, o sa alinman sa mga akreditadong bangko nito.

KAILAN AT PAANO IREREPORT SA SSS ANG MGA IBINAYAD NA KONTRIBUSYON?

Ang Household Employer o ang kanyang otorisadong kinatawan ay dapat magbigay sa SSS ng quarterly report ng kontribusyong ibinayad para sa kanyang Kasambahay sa pamamagitan ng pagpuno at pagsumite ng dalawang (2) kopya (hard copy) ng CONTRIBUTION COLLECTION LIST (SSS FORM R-3). Ang SSS Form R-3 ay maaaring makuha sa alinmang Branch o Service Office ng SSS, o maaari ding i-download sa website ng SSS sa www.sss.gov.ph.

Dapat ilakip sa R-3 ang dalawang (2) kopya ng SSS Form R-5 (machine validated kung binayaran sa SSS Branch o may kasamang Special Bank Receipt kung binayaran sa alinmang akreditadong bangko ng SSS).

MAAARI BANG MAGSUMITE NG SSS FORM R-3 MONTHLY O KADA BUWAN?

Ang pagre-report ng mga kontribusyon ay maaaring gawin monthly imbes na quarterly, sa pamamagitan ng pagsumite ng soft copy ng nasabing report, kung ang Household Employer ay sasali sa e-R3 (Electronic R-3) Program ng SSS, o pag-enrol sa SSS Web Enhanced Service (WES) bilang isang Household Employer, para sa on-line submission ng nasabing report kada buwan.

Ang pagsumite ng e-R3 ay dapat isagawa sa loob ng sampung araw matapos ang payment due date ng Household Employer.

SA PANAHO NG UMALIS NA ANG KASAMBAHAY SA KANYANG HOUSEHOLD EMPLOYER, MAAARI BA NIYANG IPAGPATULUY ANG PAGBABAYAD NG KANYANG KONTRIBUSYON SA SSS?

Oo. Ang Kasambahay na umalis na sa kanyang Employer ay maaaring magpatuloy sa pagbabayad ng kanyang kontribusyon sa SSS bilang voluntary member. Pareho niyang babayaran ang bahagi ng Employer at Employee sa kontribusyon.

Maaari niyang ihinto ang pagbabayad bilang voluntary member sakaling makapasok siya muli sa trabaho bilang Kasambahay o sa kahit saan mang pribadong kumpanya. Ang dating SS Number na naibigay sa kanya ang dapat niyang gamitin sapagkat ito na ang kanyang lifetime number. Kung hindi na niya ito matandaan, kailangan niyang makipag-ugnayan sa alinmang SSS branch para dito.

Mahalaga ring ipaalam ng Household Employer sa SSS sa pamamagitan ng pagpuno ng SSS Form R-3 (Contribution Collection List), ang petsa kung kailan umalis ang Kasambahay sa kanyang paninilbihan sa Household Employer.

ANU-ANO ANG MGA BENEPISYONG MAAARING MAPAKINABANGAN NG KASAMBAHAY SA SSS?

Ang isang kasambahay na saklaw ng SSS ay may karapatan sa mga benepisyo sa ilalim ng batas ng SSS at Employees' Compensation (EC) tulad din ng mga empleyado ng pribadong kumpanya bilang miyembro ng SSS. Ang mga benepisyo sa ilalim ng programa ng Social Security System (SSS) ay ang mga sumusunod:

Pagkakasakit



-perang ibinabayad sa miyembro para sa mga araw na hindi siya makapagtrabaho sanhi ng pagkakasakit o pagkapinsala. Dapat nakapaghulog ng hindi bababa sa tatlong (3) buwanang kontribusyon sa loob ng 12-buwan bago ang semestre ng pagkakasakit o pagkapinsala; hanggang 120 araw sa loob ng isang taon ang maaaring gamitin sa benepisyo sa pagkakasakit.

Panganganak



-perang ibinabayad sa babaeng miyembro na hindi makapagtrabaho sanhi ng panganganak o pagkakunang; 60 araw para sa normal delivery o miscarriage; 78 araw para sa caesarian delivery; hanggang apat na panganganak o pagkakunang lamang ang babayaran.

Pagkabalda



-buwanang pensyon na ipinagkakaloob sa miyembrong nabalda (partial or total disability) na nakapagbayad ng hindi bababa sa 36 na buwanang kontribusyon sa SSS bago ang semestre ng pagkabalda. Lump sum o kabuuang halaga ang ibabayad kung kulang sa 36 ang naibayad na kontribusyon.

Pagreretiro



-buwanang pensyon na ipinagkakaloob sa miyembrong umabot na ng 60 taong gulang, hindi na nagtatrabaho o hindi na self-employed at nakapagbayad ng 120 buwanang kontribusyon bago ang semestre ng pagreretiro; o 65 taong gulang na nagtatrabaho pa o hindi na at nakapagbayad ng 120 buwanang kontribusyon sa SSS bago ang semestre ng pagreretiro. Lump sum o kabuuang halaga ang ibabayad kung kulang sa 120 ang naibayad na kontribusyon.

Pagkamatay



-buwanang pensyon kung ang namatay na miyembro ay nakapaghulog ng 36 na buwanang kontribusyon bago ang semestre ng pagkamatay na ipagkakaloob sa kanyang mga pangunahing benepisyaryo (legal na asawa ng miyembro hanggang siya ay mag-asawa muli at ang lehitimo, pinalehitimo, o legal na ampon, at ilehitimong mga anak na wala pang 21 taong gulang na umaasa o nasa tangkilik ng miyembro bago siya namatay).

Kung walang mga pangunahing benepisyaryo, ang mga magulang na umaasa sa yumaong miyembro ang magiging mga pangalawang benepisyaryo. Sakaling walang mga pangunahin at pangalawang benepisyaryo, ang sinumang itinalaga ng miyembro sa kanyang member's record sa SSS bilang kanyang benepisyaryo. Lump sum amount ang ibinabayad sa mga pangalawang benepisyaryo.

Pagpapalibing

-ang funeral grant na P20,000 ay ipinagkakaloob sa sinumang gumastos sa pagpapalibing ng yumaong miyembro.

ANU-ANONG MGA BENEPISYO ANG IPINAGKAKALOOB SA ILALIM NG EMPLOYEES' COMPENSATION (EC) PROGRAM?

Ang mga benepisyo sa ilalim ng Employees' Compensation (EC) ay ipinagkakaloob sa mga work-related contingencies tulad ng benepisyo sa pagkakasakit, pagkabalda (partial or total disability), pagkamatay at funeral grant.

Ang mga benepisyo sa SS at EC ay mapapakinabangan nang sabay kung mapatunayang ang pagkakasakit o pagkapinsala, pagkabalda o pagkamatay ay may kaugnayan sa trabaho.

ANO ANG AKSYON NA MAAARING GAWIN KAPAG ANG ISANG HOUSEHOLD EMPLOYER AY HINDI TUMUPAD SA KANYANG MGA OBLIGASYON?

Maaaring kasuhan ang isang Household Employer sa paglabag sa dalawang (2) batas – sa ilalim ng Republic Act No. 10361 o ang “Batas Kasambahay” at sa ilalim ng Republic Act 1161, as amended by RA 8282 o ang Social Security Act of 1997.

ANO ANG STATUS NG MGA FAMILY DRIVERS?

Bagamat ang mga family driver ay kabilang sa mga hindi sinasakop ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng “Batas Kasambahay”, patuloy pa rin ang pagsaklaw sa kanila ng SSS bilang mga Household Employees

alinsunod sa mga probisyon ng Labor Code of the Philippines, Republic Act No. 7655, Republic Act No. 8282, at SSS Circular No. 21-V.

ANO ANG FORM NA DAPAT GAMITIN NG ISANG FAMILY DRIVER?

Ang isang family driver na kukuha pa lamang ng SS Number sa unang pagkakataon ay dapat magsumite ng pinunuang PERSONAL RECORD (SSS FORM E-1) imbes na ang KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-KUR FORM).

Kung ang kanyang Household Employer ay hindi pa nakapag-rehistro sa pamamagitan ng HOUSEHOLD EMPLOYER UNIFIED REGISTRATION FORM (PPS-HEUR1 FORM) sa ilalim ng KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION SYSTEM (“Kasambahay URS”) at siya ay wala nang iba pang Household Employee maliban sa kanyang family driver, ang pupunan ng nasabing Household Employer upang makapag-rehistro sa SSS ay ang EMPLOYER REGISTRATION (SSS FORM R-1).

Subalit kung ang nasabing Household Employer ay nakapag-rehistro na sa ilalim ng KASAMBAHAY UNIFIED REGISTRATION SYSTEM (“Kasambahay URS”), kanya nang gagamitin ang na-isyu sa kanya na SSS Household Employer ID Number upang i-report sa SSS ang kanyang family driver bilang kanyang empleyado, sa pamamagitan ng pagpuno ng EMPLOYMENT REPORT (SSS FORM R-1A) at SPECIMEN SIGNATURE CARD (SSS FORM L-501).

BAKIT ANG MGA DATIHANG HOUSEHOLD EMPLOYERS AY BINIGYAN NG SSS NG KAUKULANG EMPLOYER ID NUMBER?

Ang mga datihang Household Employers na nagbabayad ng kontribusyon ng kanilang Kasambahay gamit ang kanilang personal na SSS number ay binigyan ng Employer ID number ng SSS upang makatiyak na ang kontribusyon at benepisyo ay mailagay sa tamang record. Sa pamamagitan ng Employer ID number ay nasisiguro na ang kontribusyong kanilang ibinabayad para sa kanilang Kasambahay ay naipopost sa record ng Kasambahay.

Ang Employer ID number na ibinigay ng SSS ang siya ng dapat gamitin ng Household Employer sa lahat ng transaksyon na may kinalaman sa Kasambahay.



SCHEDULE OF SS AND EC CONTRIBUTIONS

EFFECTIVE FOR THE APPLICABLE MONTH OF JANUARY 2014

RANGE OF COMPENSATION	MONTHLY SALARY CREDIT*	EMPLOYER - EMPLOYEE							SE/VM/OFW
		SOCIAL SECURITY			EC	TOTAL CONTRIBUTION			TOTAL
		ER	EE	TOTAL	ER	ER	EE	TOTAL	CONTRIBUTION
1,000 - 1,249.99	1,000	73.70	36.30	110.00	10.00	83.70	36.30	120.00	110.00
1,250 - 1,749.99	1,500	110.50	54.50	165.00	10.00	120.50	54.50	175.00	165.00
1,750 - 2,249.99	2,000	147.30	72.70	220.00	10.00	157.30	72.70	230.00	220.00
2,250 - 2,749.99	2,500	184.20	90.80	275.00	10.00	194.20	90.80	285.00	275.00
2,750 - 3,249.99	3,000	221.00	109.00	330.00	10.00	231.00	109.00	340.00	330.00
3,250 - 3,749.99	3,500	257.80	127.20	385.00	10.00	267.80	127.20	395.00	385.00
3,750 - 4,249.99	4,000	294.70	145.30	440.00	10.00	304.70	145.30	450.00	440.00
4,250 - 4,749.99	4,500	331.50	163.50	495.00	10.00	341.50	163.50	505.00	495.00
4,750 - 5,249.99	5,000	368.30	181.70	550.00	10.00	378.30	181.70	560.00	550.00
5,250 - 5,749.99	5,500	405.20	199.80	605.00	10.00	415.20	199.80	615.00	605.00
5,750 - 6,249.99	6,000	442.00	218.00	660.00	10.00	452.00	218.00	670.00	660.00
6,250 - 6,749.99	6,500	478.80	236.20	715.00	10.00	488.80	236.20	725.00	715.00
6,750 - 7,249.99	7,000	515.70	254.30	770.00	10.00	525.70	254.30	780.00	770.00
7,250 - 7,749.99	7,500	552.50	272.50	825.00	10.00	562.50	272.50	835.00	825.00
7,750 - 8,249.99	8,000	589.30	290.70	880.00	10.00	599.30	290.70	890.00	880.00
8,250 - 8,749.99	8,500	626.20	308.80	935.00	10.00	636.20	308.80	945.00	935.00
8,750 - 9,249.99	9,000	663.00	327.00	990.00	10.00	673.00	327.00	1,000.00	990.00
9,250 - 9,749.99	9,500	699.80	345.20	1,045.00	10.00	709.80	345.20	1,055.00	1,045.00
9,750 - 10,249.99	10,000	736.70	363.30	1,100.00	10.00	746.70	363.30	1,110.00	1,100.00
10,250 - 10,749.99	10,500	773.50	381.50	1,155.00	10.00	783.50	381.50	1,165.00	1,155.00
10,750 - 11,249.99	11,000	810.30	399.70	1,210.00	10.00	820.30	399.70	1,220.00	1,210.00
11,250 - 11,749.99	11,500	847.20	417.80	1,265.00	10.00	857.20	417.80	1,275.00	1,265.00
11,750 - 12,249.99	12,000	884.00	436.00	1,320.00	10.00	894.00	436.00	1,330.00	1,320.00
12,250 - 12,749.99	12,500	920.80	454.20	1,375.00	10.00	930.80	454.20	1,385.00	1,375.00
12,750 - 13,249.99	13,000	957.70	472.30	1,430.00	10.00	967.70	472.30	1,440.00	1,430.00
13,250 - 13,749.99	13,500	994.50	490.50	1,485.00	10.00	1,004.50	490.50	1,495.00	1,485.00
13,750 - 14,249.99	14,000	1,031.30	508.70	1,540.00	10.00	1,041.30	508.70	1,550.00	1,540.00
14,250 - 14,749.99	14,500	1,068.20	526.80	1,595.00	10.00	1,078.20	526.80	1,605.00	1,595.00
14,750 - 15,249.99	15,000	1,105.00	545.00	1,650.00	30.00	1,135.00	545.00	1,680.00	1,650.00
15,250 - 15,749.99	15,500	1,141.80	563.20	1,705.00	30.00	1,171.80	563.20	1,735.00	1,705.00
15,750 - over	16,000	1,178.70	581.30	1,760.00	30.00	1,208.70	581.30	1,790.00	1,760.00

* The minimum monthly salary credit for OFW members is P5,000.

SSS Facebook: Philippine Social Security System

Call: 917-7777

Email: member_relations@sss.gov.ph

Text SSS@2600

Website: www.sss.gov.ph



SOCIAL SECURITY SYSTEM

*Published by the Corporate Communications Department
July 2015*